Gamot Laban sa Paghilab ng Bituka

Paghilab ng Bituka

“Ang paghilab ng bituka” ay isang malawak na terminong tumutukoy sa abnormal na kombulsyon ng hindi boluntaryong kalamnan ng pangloob na bahagi ng katawan. Ang problema ay kadalasang nakikita sa mga organs tulad ng maliit at malaking bituka, daluyan ng apdo, at ng ureter. Madalas nagkakaron ng Colic sa paghilab ng tiyan. Ang kombulsyon ng malaki at maliit na bituka ay maaari ring may kasamang abdominal distention at pagtatae.

Ang paghilab ay may iba’t ibang dahilan. Ilan sa mga halimbawa ay ang Lithiasis, gastroenteritis, allergy sa pagkain, reaksyon sa gamot at emosyonal na stress.

Ang gamot laban sa paghilab ng bituka ay may mahalagang tungkulin sa pagpapahinga ng kalamnan at pagkontrol ng kombulsyon, kaya’t napapakalma ang sakit ng paghilab. Dahil sa maraming kaso ng kombulsyon, ang gamot laban sa paghilab ng bituka ay nagbibigay lamang ng panandaliang pampaginhawa sa sakit imbes na permanenting lunas. Kaya’t ang walang habas na paggamit ng gamot ay dapat iwasan. Upang umepekto ng lubusan ang lunas, mahalagang matukoy ang dahilan ng sakit at kumuha ng tamang lunas. Ang pag inom ng gamot laban sa paghilab ng bituka bago ang medikal na konsultasyon ay maaaring matakpan ang mga senyales ng malalang sakit tulad ng acute appendicitis, at magiging mas mahirap para sa doktor na gumawa ng tamang pagsusuri. Dahil dito, ang paggagamot ay maaaring matagalan bilang resulta at ang kahihinatnan ay maaaring maging malala. Kadalasan ay hindi magbibigay ng gamot laban sa paghilab ng bituka ang doktor para sa kanyang pasyente maliban kung ang doktor ay makakuha ng malinaw na pagkaintindi sa kondisyon ng pasyente at makagawa ng kumpirmadong pagsusuri.

Kasama sa mga karaniwang halimbawa ng gamot laban sa paghilab ng bituka ang hyoscine-N-butylbromide at alverine citrate, na parehong nakapagpapaginhawa ng colic na sanhi ng gastrointestinal stress.

Payo sa Gamot

1. Ipinapayong inumin ang gamot 30 minuto hanggang isang oras bago kumain o

batay sa tagubilin ng doktor.

2. Inumin ang gamot ayon sa payo ng inyong doktor o mga propesyonal na tagapangalaga ng kalusugan. Kasama sa mga karaniwang epekto ang panunuyo ng bibig, panlalabo ng paningin, pagtigas ng dumi, at hirap sa pag ihi. Ang mga epektong ito ay mawawala kapag itinigil ang gamot.

Pag iimbak ng Gamot

Ang gamot ay dapat itago sa tuyo at malamig na lugar. Sa pangkalahatan, hindi kinakailangan na ilagay sa refrigerator maliban kung nasasaad sa label ng gamot. Ang mga gamot na iniinom ay dapat itago ng maayos upang maiwasan ang aksidenteng pagkakamali ng pag inom ng mga bata.

Tanggapan ng Droga
Kagawaran ng Kalusugan
Enero 2021